

Public education  
Discover a world of opportunities

# PAGSULAT AT PAGBAYBAY: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA IDEYA UKOL SA PAGSULAT AT PAGBAYBAY

### Magbasa kayo na magkasama

Magbasa kayo kasama ng inyong mga anak na kasing dalas na inyong makakaya. Marami kayong maaaring basahin mabibilang ang mga pahayagan, magasin, komiks at aklat. Makakatulong din ang mga ito sa pagpaunlad ng mga kasanayang nauukol sa bokabularyo.

### MAGSULAT KAYO NA MAGKASAMA

Tulungan ninyo ang inyong mga anak na magsulat ng mga listahan kapag sila ay naglalaro, gaya ng pagsulat ng mga tipanan at mga listahan ng mga bibilhin. Gawin ninyong mga tauhang kartun ang mga tatak ng hinlalaki at sumulat kayo ng mga pag-uusap sa loob ng mga lobo ng pagsasalita (speech bubbles). Sumulat kayo ng mga paliwanag sa ilalim ng mga litrato sa mga aklat ng mga litrato.

**Mahalagang tandaan ninyo na ang mga bata ay umuunlad sa iba-ibang tulin. Maging matiyaga, positibo at mapangsuporta kayo, at siguruhin ninyong purihin sila sa kanilang mga pagsisikap kahit na sila ay magkamali. Kung sakaling nag-aalala kayo tungkol sa pagsulong ng inyong mga anak, makipag-usap kayo sa kanilang mga guro.**

### Paggawa ng mga salita

Tingnan ninyo kung ilang mga salita ang magagawa mula sa isang malaking salita na ginagamit lamang ang mga titik sa salitang iyon, halimbawa 'together' makakagawa mula sa salitang iyan ng mga salita 'he, get, greet, there, otter' at 'other'. Tingnan ninyo kung ilang mga salita ang mahahanap ninyo na mababasa nang pareho buhat sa harap at buhat sa likod, gaya ng 'dad', 'pup' at 'madam'. Ang tawag sa mga ito ay 'palindromes'.

### Mga laro ng salita

- Maglaro ng *Junior Scrabble®* at *Boggle®*.
- Subukan ang *Anong salita ako?* Mag-isip kayo ng salita, halimbawa 'batman'. Maglagay ng isang titik sa tamang lugar, gaya ng '\_ \_ t \_ \_ \_'. Pahulaan ninyo sa inyong mga anak kung ano kaya ang salita. Kung hindi tama ang kanilang hula, maglagay ng isa pang titik, gaya ng '\_ \_ t \_ a \_'. Magpatuloy kayo hanggang mahulaan nila ang buong salita.
- Maglaro kayo ng 'Word Detective'. Tanungin ninyo ang inyong anak ng mga tanong gaya ng: *Aling salita ang nagririma sa salitang boat?* at *Ano ang kabaligtaran ng mahaba?*



Department of  
Education

**Makakakita kayo nang higit pa  
na mga pahina ng mga impormasyon  
ukol sa pantahanang pag-aaral sa  
[education.wa.edu.au](http://education.wa.edu.au).**

# PAGSULAT AT PAGBAYBAY: PAG-AARAL SA TAHANAN

## Magsulat kayo tungo sa isang tiyak na layunin

Gumawa kayo ng mga kard para sa kaarawan at mga pambating kard at mga pang-imbita sa pagtitipon. Iilagay ninyo ang lahat ng mga bagay na ginagawang nakakalibang ang pagsulat gaya ng mga may kulay na papel, mga textas, mga lapis na may kulay, mga pandikit na may kinang at mga sticker sa loob ng isang ispesyal na kahong may kulay.

## Mga salitang nasa gulong

- Gumawa ng maiikling pangungusap na ginagamit ang mga titik sa mga plaka ng kotse, gaya ng: *BEO* ay katumbas ng *Bob eats oranges*, *CPP* ay katumbas ng *cuddly puppies play*.
- Maglaro kayo ng mga larong nauukol sa pag-uugnay ng mga salita kung saan may magsasabi ng isang salita at ang susunod na tao ay magsasabi ng ibang salita na may kaugnayan sa salitang iyon at iba pa, gaya ng: *'beach, fish, chips, seagulls, West Coast Eagles, football, Dockers'*.

## Pag-aaral ng mga mahihirap na salita

Himukin ang inyong mga anak na bigkasin nang malakas ang salita. Ipaputol ninyo sa kanila ang mga salita sa mga piraso o mga pantig. Para magsimula, pumalampak kayo habang sinasabi ninyo ang bawat pantig, halimbawa kaarawan ay *ka/a/ra/wan* apat na palakpak at bakasyon ay *ba/ka/syon* tatlong palakpak.

Ang kakayahang bumasa at magbaybay ay dalawang pamamaraan na nangangailangan ng panahon. Natututo ang mga bata sa iba-ibang paraan at iba-ibang tulin. Maging matiyaga kayo at lagi ninyong purihin ang kanilang mga pagsisikap.

## Mga maling pagbaybay

Pag-usapan ninyo ang sinulat ng inyong mga anak at ang kanilang mga ideya pagkatapos ay mag-usap kayo tungkol sa kanilang pagbaybay. Mag-usap kayo tungkol sa mga salitang mali ang pagbaybay. Mag-usap kayo tungkol sa mga tunog na kanilang naririnig. Ipakita ninyo sa kanila kung paano magbaybay ng salita. Palakasin ninyo ang kanilang loob na hanapin ang tamang pagbaybay na gamit ang diksyunaryo.

